

Ehekutibong Buod (Executive Summary)

Noong 2019 na legislative session, ipinasa ng lehislatura, at nilagdaan ng Gobernador ang [Senate Bill 577](#) (SB 577). Ang Seksyon 9 ng panukalang batas na ito ay nag-aatas sa Oregon Criminal Justice Commission (CJC) na suriin ang lahat ng datos na may kaugnayan sa mga bias na krimen at mga bias na hindi kriminal na insidente at i-ulat ang mga resulta taun-taon sa Hulyo 1. Ito ang ika-anim na taunang ulat at sumasaklaw sa datos sa mga bias na krimen at mga bias na hindi kriminal na insidente na naganap sa Oregon sa mga taon ng kalendaryo 2020 hanggang 2024. Ang kahit sinumang interesadong tumingin sa kabuuan ng ulat ay maaaring humiling ng kopya mula sa CJC sa 503-378-4830 o sa pamamagitan ng pag-access sa link na ito: <https://www.oregon.gov/cjc/CJC%20Document%20Library/SB577ReportJuly2025.pdf>. Ang mga pangkalahatang katanungan tungkol sa ulat na ito ay dapat idirekta sa CJC sa 503-378-4830. Ang mga partikular na katanungan tungkol sa mga nilalaman ng ulat na ito ay maaaring idirekta kay Ryan Keck, Interim Executive Director ng CJC, sa 503-871-1029 o Ryan.Keck@cjc.oregon.gov.

Ang buong ulat ay nagpapakita ng buod na datos at empirikal na pagsusuri ng mga bias na krimen at hindi kriminal na mga insidente ng pagkiling (tinukoy na sama-sama bilang "bias-motivated" o "BM" na mga ulat/kilos/karanasan) mula sa [Bias Response Hotline](#) (tinukoy bilang "BRH" o "Hotline") na itinatag ng Oregon Department of Justice (ODOJ) na nakatuon sa pagtulong sa mga biktima, saksi at iba pang mga tagapag-ulat ng mga bias ng krimen at mga hindi kriminal na insidente. Mga resulta para sa pagsangguni ng Hotline na datos sa naunang bias-motivated na mga ulat upang maiwasan ang labis na pagbilang na maramihang ulat.¹ Sa karagdagan, ang ulat ay nagpapakita ng datos na may kinalaman sa mga bias na kriminal na paglabag na kinuha mula sa [Oregon's National Incident Based Reporting System \(NIBRS\)](#) na nasa loob ng Oregon State Police (OSP), at [pinagsamang datos ng criminal justice \(CJ\)](#), na pinagsasama-sama ang datos ng pag-aresto na kinuha mula sa pambansang Law Enforcement Data System (LEDS), datos ng hukuman para sa mga bias na krimen na kinuha mula sa Odyssey data system ng Oregon, at datos ng hatol at sentensiya para sa mga bias na krimen mula sa Oregon's Department of Corrections (DOC) kasama ang datos mula sa district attorney (DA Data) pa pag-uusig ng mga bias na referral na krimen at mga kaso upang lumikha ng isang hilera ng impormasyon sa antas ng kaso para sa bawat nasasakdal na isinangguni o kinasuhan ng isang bias na krimen.

Mga Pangunahing Natuklasan

- Sa 5-taong yugto 2020 hanggang 2024, ang mga tagapagtaguyod ng BRH ay na-target sa 390 *mga bias na insidente*. Sa katunayan, nagkaroon ng 165% na pagtaas sa mga bias na insidente na nagtarget sa mga tagapagtaguyod ng Hotline noong 2024 kumpara sa nakaraang taon. Hindi malinaw kung gaano kalaki ang kaparehong karanasang nararanasan ng mga tagapagtaguyod ng biktima ng krimen.
- Pagkatapos ng magkakasunod na taunang pagtaas mula 2020 hanggang 2023, ang mga ulat sa Hotline na bias-motivated ay bumaba ng 7% (2,932 vs 2,726) sa 2024, dahil sa 24% na pagbaba ng pag-uulat ng *bias na krimen* (tingnan ang Talahanayan A1 sa [Apendiks A](#). *Tandaan*, hindi nakukuha ng 2024 na datos ang karagdagang workload ng mga tagapagtaguyod dahil sa pagpoproseso ng 2,231 na spam (ibig sabihin, hindi magkatugma, walang kwentang mga email) at iba pang walang kaugnayang non-bias/krisis sa kalusugan ng pag-iisip/kalokohan/panliligalig na mga tawag (14 na oras bawat linggo), at ang pagtugon sa mga kahilingan ng media at pampubliko para sa datos (8 oras bawat linggo).
- Ang 2024 na pagbaba sa mga ulat na bias-motivated ay hindi pare-pareho sa mga demograpikong grupo. Ang bias-motivated na mga ulat na may mga biktima na Itim (Black), Katutubo (Indigenous), at mga taong may ibang kulay (BIPOC) (hindi kasama ang mga indibidwal na

¹Ang Hotline na datos na tinalakay sa ulat na ito ay nakatutok sa naunang bias-motivated na mga ulat, ibig sabihin, mga bias na insidente at mga bias na krimen. *Mga Ulat na Naulit (Repeat Report)*, *Bias/Hate Criteria na Hindi Natugunan*, *Mga Bias Laban sa mga Non-Protected Class*, at *mga Hindi Matukoy* na mga ulatay tinalakay sa Talahanayan 1-3, at Mga Talahanayan A1-A8 sa [Appendix A](#) at binigyan kahulugan sa [Pagtukoy ng Bias](#).

Asyano), at mga biktimgang hindi sumusunod sa kasarian ay nabawasan ng 16% at 34% ayon sa pagkakabanggit. Sa kabaligtaran, tumaas ng 18%, 105%, 46% at 14%, ayon sa pagkakabanggit, ang mga bias-motivated na mga ulat sa mga babae, puting indibidwal, Asyanong indibidwal, at biktimgang may edad 60 o mas matanda, dahil sa pagtaas na pagpayag ng mga indibidwal na ito na mag-ulat sa Hotline (tingnan ang [Talahanayan 1](#)).

- Pagganyak para sa mga gawang may kinikilingan na naiba ayon sa demograpiko ng biktima (tingnan ang [Talahanayan 2](#) at A15 sa [Apendiks A](#)):
 - 96% (n = 444) ng Black/African American, 87% (n = 179) ng Asian, 76% (n = 233) ng Hispanic, at 85% ng (n = 29) ng mga biktima ng AI/AN ay na-target dahil sa bias laban sa lahi, at kakaunti ang target dahil sa hindi tamang pagkakakilala sa kanilang lahi o ang naka-target na kapalit (98%, 79%, 99% at 90%, ayon sa pagkakabanggit, ay na-target dahil sa kanilang sariling kinikilalang lahi). Ang mga puting biktima ay pangunahing na-target dahil sa oryentasyong sekswal (72%) o bias ng pagkakakilanlan ng kasarian (64%), at kakaunti ang na-target dahil sa bias laban sa mga kulay-puti (n = 12; 5% ng mga puting biktima).
 - Nasa kalahati ng mga lalaki at babae na biktima ang na-target dahil sa lahi; ang ikatlo ng mga babaeng biktima ay na-target din dahil sa pagkiling sa sekswal na oryentasyon; ang mga indibidwal na may hindi natukoy na kasarian ay na-target dahil sa karahasan laban sa bansang pinagmulan (44%) at ang bias dahil sa (39%); at mga indibidwal na hindi umaayon sa kasarian ay na-target dahil sa pagkakakilanlang laban sa kasarian (89%) at pagkiling sa sekswal na oryentasyon (55%).
- Ang mga ahensyang nagpapatupad ng batas (law enforcement agencies (LEAs)) ay nagpasa ng 58% na mas kaunting mga ulat na bias-motivated sa BRH noong 2024 (n = 132), kumpara noong 2023 (n = 315), sa kabila ng pag-uulat ng NIBRS ng magkaparehong bilang ng mga biktima ng bias na krimen para sa parehong taon (n = 370; tingnan [ang Figure 9](#) at [Talahanayan 5](#)). Kinakailangan lamang ng mga LEA na i-refer ang mga biktima ng mga bias na insidente sa Hotline, at hindi kinakailangan na ipasa ang mga ulat ng BM nang direkta sa Hotline.
- Sa 966 na kaso na may bias na krimen na may referral o sinampahan ng kaso mula 2020 hanggang 2024, 649 (67%) na kaso ang isinampa na may Bias I/II na kaso, 108 (11%) ang isinampa na non-bias na mga kaso lang, 195 (26%) ang tinanggihan/walang naisampa at 14 (1%) ang nakabinbing (tingnan ang [Talahanayan A55](#) sa [Apendiks A](#)).
 - Sa 757 na naisampang kaso, 62% ang nagbalik na may hatol (ibig sabihin, umaming nagkasala, nahatulan ng hurado o hukom, o plea deal) sa hindi bababa sa isang bias (34%) o non-bias (28%) na kaso, at 20% bawat isa ay bukas o nagresulta sa walang hatol (i. na-dismiss/walang reklamo, o napawalang-sala/o walang kasalanan na disposisyon). Ang antas ng hatol para sa mga kasong isinampa noong 2023 (61%) at 2024 (40%) ay inaasahang tataas sa mga paparating na buwan habang ang mga bukas na kaso (26 at 90, ayon sa pagkakabanggit) ay itinatapon (tingnan ang [Talahanayan 18](#) at Figure A1 sa [Apendiks A](#)).
 - Sa 469 na nasasakdal na may bias o non-bias na hatol, ang pinagsamang 17% ang nahatulan sa pagkakulong nang nag-iisa (3%) o kasama ng pangangasiwa pagkatapos ng pagkabilanggo (14%), 7% ang nahatulan na makulong nang mag-isa, habang halos ikatlo ang nakatanggap ng pagkakakulong na may probation (32%) o probation lamang lamang (31%; tingnan ang [Talahanayan 19](#)).

Mga Rekomendasyon ng CJC

1. Kailangan ng karagdagang pananaliksik upang matukoy kung ang ibang (hindi ODOJ) na mga tagapagtaguyod ng biktima ng krimen at tagapagbigay ng serbisyo ay nakakaranas din ng mas mataas na antas ng panliligalig; kailangan ang datos bago mairekomenda ang trabaho bilang karagdagang protektadong klase.
2. Dahil sa pagtaas ng katayuan [ng mga nagkakasalang naiulat](#) (ibig sabihin, spam, panliligalig, o iba pang mga contact na nagta-target o naglilihis sa mga kawani ng BRH mula sa kanilang mga tungkulin

sa pagsuporta sa biktima), dapat na patuloy na baguhin ng ODOJ ang kanilang kasalukuyang mga patakaran sa suporta sa kawani, kaligtasan at kagalingan kung kinakailangan, at gamitin ang kanilang mga automated spam folder.

3. Dapat isaalang-alang ng ODOJ ang paglikha ng karagdagang posisyon ng kawani upang tulungan ang Hate Crimes Response Coordinator sa media at iba pang [sagit sa mga kahilingan sa pampublikong talaan \(Public Records Requests, PRRs\)](#); suriin at idokumento ang may kasalanan [katayuan ng mga email](#) ng mga tagapag-ulat; at magbigay ng suporta para sa karagdagang mga gawaing pang-administratibo.
4. Dapat isaalang-alang ng Lehislatura ng Oregon ang pagdaragdag ng pampublikong pagbubukod ng dataos para sa mga pagsisiwalat mula sa mga biktima ng pagkiling – katumbas ng mga ibinibigay sa mga taong biktima ng karahasan sa tahanan, human trafficking at pagsisiwalat ng mga nakaligtas sa sekswal na pag-atake sa ilalim ng [ORS 147.115\(1\)\(b\)](#). Ang anumang mga pagbabago ay dapat ilakip sa mga kampanya ng pakikipag-ugnayan ng ODOJ sa media at mga materyales upang tiyakin sa mga biktima na ang kanilang pagiging pribado ay mapoprotektahan, sa gayon ay mapapabuti ang mga antas ng pag-uulat.
5. Kinakailangan ang pananaliksik upang matukoy kung bakit bumababa ang pag-uulat na bias-motivated (hal., mabilis na pagbabago ng pederal na batas; takot sa mga paghahayag ng pambibiktima na ibabahagi/ilalabas; naging masyadong araw-araw ang pagkiling o bias upang abalahin ang pag-uulat; pagkalito sa saklaw, responsibilidad, at kahinaan ng datos ng ODOJ kumpara sa U.S. DOJ). Dapat isaalang-alang ng lehislatura ang pagpopondo sa ODOJ upang palawakin ang pakikipag-ugnayan sa media upang turuan ang publiko tungkol sa mga serbisyo nito kumpara sa mga patakaran ng U.S. DOJ at ang paghiling ng datos.
6. Hindi kinakailangan ang mga LEA na magpasa ng mga may bias-motivated na ulat sa BRH. Habang lumilikha at mas pinahuhusay ng mga LEA ang kanilang mga panloob na patakaran upang matugunan ang mga kinakailangan ng SB 577, siyasatin ang dumaraming bilang ng mga ulat na may bias-motivated na mga ulat at kumpletuhin ang kanilang mga panloob na tungkuling pang-administratibo, ang pagpapasa ng mga ulat sa BRH ay maaaring isang karagdagang hakbang sa pangangasiwa na higit sa kasalukuyang kapasidad ng mapagkukunan ng LEA. Kinakailangan ang pananaliksik upang maberipika na ang mga referral ng biktima sa BRH ay patuloy, sa kabila ng pagbaba ng pagpapasa ng mga ulat ng BM.